


1



Ang pagmamahal ko sa 'yo ay
parang fishball—constant ang
presyo at di nagbabago.

Kuya naman! Tama ba naman 'yung paghintayin mo pa ako ng one more hour?!" I said over the phone. Naglalakad ako sa academic oval, sa bandang harap ng *College of Business Administration* at kausap ko sa telepono ang walang kwenta kong kapatid na inuna pang ihatid ang girlfriend sa Parañaque kesa sunduin ang kapatid niya sa Diliman.

"Ting naman, 'wag ka nang magalit sa Kuya. Di ko naman inakalang ganito na ka-traffic n'ung umalis akong Parañaque," he replied.

I'm Athena Raya Aragon, Ting sa kuya ko, Athena sa mga magulang, kaklase at blockmates ko, at Aragon sa karamihan ng professors ko sa *UP*. Freshman ako sa *UP Diliman*, BS Math. Huwag n'yo nang itanong kung bakit Math ang kinuha kong kurso, sadyang may affinity lang talaga ako sa numero at mas naiintindihan ko sila kesa sa mga letra.

"Kelan ba hindi traffic sa Pilipinas, Kuya?!" I asked angrily. Magtatatlong oras na akong naghihintay sa kanya at nagawan ko na ng calculation ng rate of acceleration ang karamihan sa mga afternoon joggers na dumaan sa harapan ko sa sobrang inip.

"Ting, 'wag ka na magalit sa Kuya."

"Ewan ko sa 'yo, Kuya!"

"Ito naman, minsan lang ma-late si Kuya nagtatampo na

agad,” panunuyo ng kapatid ko.

“Tseh! Anong minsan? Baka minsan sa isang linggo? Nakakaasar ka naman, Kuya, eh!” I griped. “Sana nagsimula na lang akong maglakad. Siguro nakarating na ako sa bahay ngayon!” I said and I heard him chuckle.

“Sa tamad mong ’yan, plano mo pang maglakad?”

“Nakakaasar ka, Kuya!” I angrily retorted.

“Sorry na, Ting. Bawi talaga ako sa ’yo. Saan mo gustong maghapunan? O gusto mo ipagluto ka ng Kuya ng paborito mong champorado at tuyo?”

“Champorado at tuyo sa hapunan?!”

“Kain na lang tayo sa labas. Gusto mo ng pizza?”

“Ay naku, naaasar ako sa ’yo!”

“Sige na, Ting, pagbigyan mo na si Kuya ngayon. Pasensya na talaga. ’Tsaka ’wag kang mag-taxi mag-isa, madaming mandurugas ngayon.”

“Kahit gustuhin ko wala akong pang-taxi, Kuya! Gutom na ako ’tapos sampung piso na lang laman ng wallet ko, kasi nag-deposit ako sa PNB kanina! Nagpa-photocopy pa ako ng readings ko sa *Nat Sci I* kaya ubos na pera ko!” I retorted. I heard him laugh.

“Magkano na ba naipon mo? Pautang nga,” he joked.

I mumbled something angrily.

Simula bata pinangarap ko nang pumuntang Greece, idol ko kasi si Archimedes, ang Greek Mathematician na itinuturing na Father of Math. Feeling ko pag nakaapak akong Greece at nalanghap ko ang hanging nilanghap niya ay makukuha ko ang kapangyarihan niyang makipag-usap sa mga numero. I was only in Grade 5 when I started saving up for my dream trip to Greece at hanggang ngayon ay lubos ’yung pagtitipid ko maisakatuparan lang ang pangarap ko.

“Naaasar ako sa ’yo, Kuya, at di ka nakakatawa,” I muttered. I heard him sigh.

“Sige na, bibilisan ni Kuya. Susunduin kita sa harap ng AS. Sorry na. Nagkatampuhan kasi kami ni Ate Brenda mo kanina kaya na-late ako.”

“Hindi ko pa siya Ate, besides kelan ba kayo hindi nagkatampuhan?!”

“Si Ting nagseselos na naman.”

“Ay naku!”

“Huwag na magalit, ikaw din papangit ka n’yan. Uy, si Bunso, ngingiti na ’yan... ngiti na d’yan, Bunso...” he teased.

I couldn’t help smiling. My brother was 8 years older than me, dalawa lang kaming magkapatid at ang mga magulang namin ay parehong nurse sa London kaya si Kuya na ang naging nanay at tatay ko.

“Uyy, nakangiti na ang Bunso ko...”

“Tseh!”

“Sige na, babawi ako. Huwag ka nang magtampo sa akin,” he cajoled, and as usual, I gave in.

Gan’un naman talaga kahit asar na asar ako, di ko makuhang magalit sa kapatid ko nang matagal. Kahit busy siya lately kasi may bago siyang girlfriend, eh, di ko siya ipagpapalit kahit kanino. “Ting, ’wag ka na magtampo sa Kuya.”

“Oo na. Basta, bilisan mo, gutom na gutom na talaga ako, Kuya!”

“Opo, bibilisan po ni Kuya. Love you, Ting,” he said before ending the call.

Kumukulo na ang tiyan ko sa gutom at inggit na inggit ako sa mga taong dumadaan sa harap ko na kumakain ng fishball.

Bakit ba kasi hindi ako nag-ATM card at mas pinili kong mag-bankbook? Eh, di sana nakapag-withdraw ako ngayon?

Pero malamang kung naka-ATM ako naubos din ’yung ipon ko.

I sighed. *Bili kaya akong fishball? Kaso baka mauhaw ako ’tapos wala akong pambiling tubig. Ang hirap naman ng walang pera.*

My stomach grumbled in hunger again and I gritted my teeth.

“Bahala na nga!” I mumbled to myself as I hauled my backpack and paper bags towards *Vinzons Hall* kung saan nakahilera ang mga nagtitinda.

Wrong timing talaga 'to si Kuya, kung kelan madami akong dala dahil presentation namin kanina sa Hum I 'tsaka naman niya naisipang magpa-late nang bongga.

“Ate, ano po sa inyo? Fishball, kikiyam, pancit canton, squidballs? Meron din kaming dynamite,” tawag ng mga vendors.

Ganito rito, napaka-welcoming ng mga nagtitinda kasi matindi ang kumpetensya. Paano, wala pang halos isang dipa ang layo nila sa bawat isa.

“Fishball po, sampung piso,” I said.

Dali-daling niluto ni Ate ang order ko at wala pang 2 minutes ay ready na ang pinakamamahal kong fishball.

“Ay, sorry,” sabi n’ung babaeng katabi ko kasi nasagi niya ang sangkaterbang na paper bags na nakasukbit sa braso ko.

“Okay lang,” sagot ko naman. *Ano ba 'to? Para akong naglalako ng paper bags.*

Ang hirap kumain nang nakatayo lalo na’t yung dalawang braso mo ay puno ng paper bags.

“Dito ka, Ate, o. May space pa,” sabi n’ung nagtitinda.

“Ilapag mo kaya muna ’yang bitbit mo.”

“Hindi po, balik na lang ako d’un,” sabi ko, at medyo ipinaling ang mukha ko sa kanan. “Pwede pong palagyan na lang ng sauce?”

“Maanghang o matamis?” tanong niya.

“Halo po,” I replied, at binuhusan niya ng sauce ang kartong pinggang pinaglagyan ng fishballs ko. “Thank you!” I said bago ako naglakad pabalik sa harapan ng AS.

Dati ang tawag ko sa AS ay *Palma Hall* kasi ’yun naman

talaga ang pangalan ng building na 'yun, pero sabi sa *Freshman Survival Kit* ko, mga Freshie lang daw ang tumatawag d'un ng *Palma Hall* kaya naki-AS na rin ako.

Naisip kong makikita rin naman ako ni Kuya kahit doon ako sa isang bench sa tapat ng *Palma Hall Annex* o *PHAN* maupo, kaya tumigil na ako roon.

"Hay salamat," I murmured as soon as I sat down. Tumunog ang cell phone ko at dali-dali kong inilapag ang mga paper bags pati 'yung paper plate na may lamang fishball sa concrete bench.

"Hi, Sandy, bakit ka napatawag?" I said over the phone.

"Athena, paki-check nga kung nasa isa sa mga paper bags mo 'yung colored pens na dala ko sa presentation kanina. Sa bunso kong kapatid kasi 'yun at 'eto nagwawala," sabi ni Sandy na groupmate ko sa *Hum I*.

Rinig na rinig ko ang umaatungal na bata sa background.

"Tek, check ko," I said as I went through the contents of my paper bags.

"Excuse me," someone said, and I automatically moved to give him space. "Pwedeng makiupo?" he asked.

Tumango lang ako bago ko kinuha ang mga paper bags na nasa tabi ko para ilapag sa harapan ko. "Naku, Sandy, wala dito. Si Alvin may dala ding paper bag kanina. May number ka ba niya? Baka siya ang nakaligpit," I said.

"Sige, tawagan ko. Pasensya na, ha," she said before we said our goodbyes.

I pocketed my phone and turned to pick up my fishballs pero laking gulat ko kasi kinakain na ng lalaking katabi ko. I glared at him with all the animosity I could muster and he looked at me weirdly.

Kuya, ang kapal mo, ha! Alam mo bang sampung piso na lang ang pera ko 'tapos nilalantakan mo pa ang fishball ko?!

Gusto ko siyang sabunutan sa asar.

Di man lang marunong mahiya 'to! isip-isip ko.

Di naman siya mukhang taong-grasa. Kung tutuusin mukha siyang sosyal, mukhang afford niyang bumili ng kahit isandaang pisong fishball.

Di kaya Wow Mali 'to? I wondered, expecting someone to suddenly jump in front of me and tell me that I was on national TV.

Wala naman. Tiningnan ko siya ulit nang masama. *Baka naman initiation 'to sa frat?* I thought to myself, pero wala naman siyang ibang kasama.

Baka naman baliw 'to at bigla na lang mangagat?

I suddenly felt scared, palihim ko siyang tiningnan. May hitsura naman siya, matangos ang ilong, medyo moreno at may katangkaran.

At sarap na sarap siyang kainin ang fishball ko! Bwisit! Mabilaukan ka sana!

"Gusto mo?" he asked as I continued to glare at him.

"Salamat, ha," I sarcastically replied.

Ilnabin ko sana kaya lang gutom na talaga ako. Besides, pera ko 'yung ipinambili n'un! Inabot niya sa akin 'yung pantuhog ng fishball at walang pagdadalawang-isip na kinuha ko sabay tusok ng dalawa. Nangingiti siya pero wala akong pakialam kasi gutom na gutom na ako.

"Freshman ka rin?" he asked at tumango lang ako. "Course mo?"

"Math," I said at sumipol siya. "Ang talino mo pala."

Ikaw naman patay-gutom, gusto kong isagot, pero tumahimik lang ako. Gusto kong kunin 'yung lagayan ng fishball pero parang wala siyang balak ibigay kasi hinigpitan niya ng hawak.

"Gusto mo bang kumain? Kain ka lang," I said, my voice laced with sarcasm. *Nahiya naman ako sa 'yo, bwisit ka!*

I handed him back the stick. I expected him to decline pero kinuha niya at kumain siya. *Aba!*

Walang kibuan, salitan kami sa pagsubo hanggang sa isa



na lang ang natira. Nagkatinginan kami. Nasa kanya ang stick. Tinuhog niya ang nag-iisang fishball and I suddenly had this urge to grab the stick from him and run.

“Sa ’yo na,” he said, handing me the stick. I was speechless. “Sige na, ’wag ka na mahiya,” he said, smiling a little as I took the stick from his hand.

Isinubo ko agad. Gutom ako, eh.

“Tubig gusto mo?” he offered after taking a sip from the plastic bottle in his hand.

Hindi ko agad napansin na may dala siyang tubig. Kinuha ko rin, sa isip ko ’yun ang bayad niya sa kinain niyang fishball ko.

“Salamat,” I said and his smile widened. Ipinatong ko lang ang plastic bottle sa tabi ko matapos akong uminom.

He stared at my ID, which was hanging around my neck. “Athena Raya M. Aragon, 2013-14752,” he read aloud. I frowned and flipped my ID over. “Ryan Vincent A. Soler, 2013-28896,” he said. “Nice sharing fishballs with you, Miss Aragon.” He got up to leave after picking up the empty bottle of water.

I followed him with my gaze as he headed towards the *Main Library*. He suddenly turned to face me and I quickly looked the other way.

“Raya!” he called. I turned my head to look at him. “Bukas ulit!” he said, waving his hand.

I felt myself blush.

Gwapo ka sana, magnanakaw ka nga lang ng fishball, I thought to myself. I turned to arrange my paper bags and my gaze fell on something that I was supposed to have eaten already.

“Holy pancit canton,” I groaned, looking at the paper plate. I was eating his fishballs all along.

Kinabukasan, sa likod ako ng AS dumaan. Wala akong balak makita siya ulit. Baka mamatay ako sa hiya, eh, 17 lang ako. Masyadong maaga. Hindi na nagtanong si Kuya kung bakit sa bandang *Chem Pavillion* ako nagpapasundo, di na rin ako nag-

explain.

More than a week na ang nakaraan, napapraning ako kapag may nakakasalubong akong lalaki. Baka kasi si Mr. Fishball 'yun. Pero sa awa ng Diyos ay di na kami nagkita ulit. Hanggang sa isang Sabado, naglalaro ako ng *Sudoku Online* nang biglang may notification na nag-flash sa *FB* ko.

Camille Luz Ruiz mentioned you in a comment.

I clicked on the notification and was directed to *The Diliman Files* page.

Nyak, ano na naman 'to? I thought as I started reading.

Para kay Athena Raya M. Aragon, 2013-*****, BS Math


Hi, Raya!

Wala lang, inabangan kita ng isang buong linggo pero di ka naman nagpakita. Hinanap kita sa *FB* pero naka-invisible to public searches yata ang profile mo.

I just want you to know that you truly made my day. Grabe 'yung badtrip ko sa araw na 'yun, buti na lang sa tabi mo naisipan kong umupo kaya nawala lahat ng bad vibes na kumapit sa akin. Natakot ako sa 'yo n'ung una kasi ang sama mong tumingin sa akin until I realized that you must have thought na 'yung kinakain kong fishball ay 'yung fishball mo na nasa tabi ng backpack mo. Di ko maalis 'yung ngiti ko sa mukha hanggang makarating akong dorm. I want to know you more. I hope you'll give me the chance. Mabait naman akong tao, kahit itanong mo pa sa magulang ko. Pwede rin akong kumuha ng Barangay clearance, Police clearance, NBI clearance at Certificate of Good Moral Character para mapanatag ang loob mo. I hope I'll get to share fishballs with you again. Pwede ring squidballs kung gusto mo.

Your new friend (and hopefully your future boyfriend),
Ryan ng Kalayaan Residence Hall, 2013, Eng'g

2



Walang aksidente pagdating sa
pag-ibig. Lahat nakatadhana.

Naging celebrity ako ng block namin sa maingsing panahon dahil sa *The Diliman Files* post na 'yun at sa totoo lang, di ko alam kung dapat ba akong matuwa o hindi. Nakaka-flatter na may nag-aksaya ng panahong i-post 'yung crush niya sa 'yo pero at the same time nakakabwisit kasi pinapakwento ng mga blockmates ko kung ano ang nangyari. At wala akong balak na ikwento 'yung pagiging patay-gutom ko n'ung araw na 'yun.

“Paano kayo nag-share ng fishballs? Ikaw, Athena, ha, may tinatago ka palang kamandag!” biro ni Shellie, isa sa mga kachikahan kong blockmates.

“Aksidente nga,” siguro isandaang beses ko nang sabi.

“Hindi 'yun aksidente, malamang tadhana 'yun,” kinikilig na hirit ni Gwen na girlfriend ng ka-blockmate naming si Marc. “When destiny calls, you have no choice but to heed!” excited at halos matili niyang pahayag.

“Hindi 'yun tadhana, katangahan tawag d'un. Anong when destiny calls? May cell phone ba si destiny?” sagot ko.

“Baka meant to be talaga kayo, Athena. Isipin mo, ha, ilan ang estudyante sa buong *UP Diliman* pero siya ang umupo sa tabi mo!”

“Let's not romanticize the whole thing, okay? Oo, meant to be kami, meant to be strangers.”

Kung ini-expect n'yo na nagka-boyfriend na lang ako bigla matapos kong mabasa 'yung post, you're in for a great disappointment.

“Wala ka bang balak puntahan si Ryan sa *College of Engineering?*” tanong ni Millet isang araw habang kumakain kami sa CASAA.

“Bakit ko naman daw gagawin 'yun?”

“Bakit hindi? Kung ako nagkaroon ng crush confession sa TDE, aba tinalian ko na 'yung lalaki,” bwelta ni Claire.

“Oo nga, Athena. Gwapo ba siya? Curious tuloy ako.”

“Sakto lang,” sagot ko.

“Sakto naman pala, eh. Ano pang hinihintay mo d'yan? 'Yung crush mong si Archimedes matagal nang yumao 'yun!” pagbibiro ni Erica.

“Para kayong sira.”

Lumipas ang isang buong semester na di na kami ulit nagkita at walang halong stir, nakalimutan ko na talaga ang insidenteng 'yun. Dahil nagka-ulcer na ako sa pagiging parating late ni Kuya, minabuti kong mag-boarding house. Gusto ko sanang mag-dorm kasi sabi ng iba kong blockmates walang kasing-saya raw ang buhay sa dorm, pero di ako tinanggap. Kailangan kasi may probinsya ka at 'yung pamilya ko taga-Pasig lang naman.

Start ng 2nd semester at hinatid ako ni Kuya sa bago kong boarding house.

“Ting, uuwi ka kada Friday, ha,” medyo malungkot sa sabi ni Kuya.

“Oo naman, Kuya, basta ba sunduin mo ako.”

“Bakit mo ba kasi kailangan pang mag-boarding house? Ang laki-laki ng bahay natin sa Pasig, di ko maintindihan kung bakit kailangan mong makisiksik sa isang bahay kasama ang siyam pang estudyante.”

“Kuya, napag-usapan na natin 'to. Ayokong matagtag sa



byahe, nakakapagod kaya mag-commute. Last sem, tingnan mo, ilang beses akong nagkasakit.”

“Sinusundo naman kita, Ting, eh.”

“Pag di mo nakakalimutan...”

“Ting naman, sa pananalita mo parang napapabayaang ka ni Kuya,” may halong tampong sabi ng kapatid ko.

“Kuya, masyado ka nang busy at di ako nagtatampo, ’no. Ano’ng magagawa ko kung nagbibinata ka na?” may halong biro kong sabi. Pero sa totoo lang, medyo masama ang loob ko sa kanya.

Paano ba naman, tuwing nagkaka-GF siya naiitsapwera ako. Okay lang naman sa aking may girlfriend siya. Ang di ko lang gusto ay ’yung minsan nakakalimutan niyang may kapatid siya kapag may girlfriend siya.

“Tampo ka sa akin, Ting?”

“Hindi. Ano ba ’yan, Kuya, ’wag ka na ngang magdrama. Ang lapit lang ng Diliman sa Pasig, pwede mo akong dalawin kahit na anong oras,” sabi ko. “Iakyat na natin mga gamit ko, Kuya.”

“Sige, para makausap ko na rin ’yung may-ari,” tugon niya.

Matapos naming iakyat ang mga gamit ko ay kinausap na ni Kuya ang landlady ko. Isa siyang retired professor ng *UP Diliman* na ngayon ay isa nang full-time writer ng mga nobela. N’ung malaman kong matandang dalaga siya, medyo naiilang ako. Kaya lang, sa lahat ng mga boarding houses na pinuntahan namin, ito lang ang pumasa sa standards ng kapatid ko. Parang nasa isang compound ang boarding house, may dalawang bahay, ’yung isa ay isang two-storey concrete house kung saan nakatira ang may-ari at ang mahigit isang dosena niyang alagang aso. ’Yung boarding house namin ay three storeys at may rooftop kung saan pwedeng magsampay at tumambay. Bawat floor ay may limang kwarto. Nasa second floor ang kwarto ko na kulay pink. ’Yun lang ang di ko gusto sa kwarto ko: ang pintura. Ayoko kasi ng



kulay pink, at feeling ko masyadong pa-girl.

Six thousand ang renta buwan-buwan, pero kasama na d'un ang pagkain, laba at plantsa. Sa first floor nakatira ang dalawang may-edad na babaeng katiwala na sina Ate Clara at Ate Rose. Sila ang naglilinis, naglalaba at nagluluto para sa amin. Ang first floor din ang nagsisilbing kusina, dining area at TV room.

“Don’t worry, Mr. Aragon, I will make sure that your sister will be comfortable here. I’ve already given you my contact numbers, right? At nasa information folder ni Athena ang number at address ninyo.”

“Opo, Ma’am. Itong kapatid ko po hindi pwedeng magutuman at ’tsaka kailangan pong may gatas ’to pag nag-aaral,” sabi ni Kuya.

“Don’t worry, naka-indicate naman ’yang mga bilin mo sa folder ni Athena.”

“Hindi po pala pwedeng umuwi si Ting nang masyadong gabi. Kapag po alas siete na at wala pa siya dito sa boarding house, tawagan n’yo po ako.”

“Don’t worry about that, Mr. Aragon,” sagot ng landlady ko.

“Ting, tawagan mo ako pag may kailangan ka, ha? Kung gusto mong umuwi sa atin, mag-text ka lang. Susunduin ka ni Kuya dito.”

“Sinabi mo na ’yan kanina, Kuya, eh.”

“Huwag kang papagutom, ayokong mag-boyfriend ka hangga’t di ka nakakatapos, ’wag kang sumasali-sali sa mga sorority-sorority na ’yan. Pag nalaman ko pahihintuin talaga kita sa pag-aaral. ’Yung vitamins mo, ’wag mong kakalimutan. ’Wag mo akong kalimutang tawagan araw-araw.”

“Oo na, Kuya,” sabi ko.

Hindi ko alam pero naiiyak ako habang nagbibilin siya. Ngayon lang kasi kami magkakahiwalay.

“Mr. Aragon, ’wag kayong mag-alala, your sister is in good hands,” sabi ng landlady.



“Sige po, Ma’am. Salamat po. Ting, alis na ako,” sabi ni Kuya.

Hinatid ko siya sa baba. Hinalikan niya ako sa noo bago siya pumasok sa sasakyan at kahit nakaalis na siya nakatulala pa rin ako sa tabi ng daan.

“Athena?” tawag sa akin ng landlady ko.

“Po?”

“Are you okay?”

“Opo,” nakangiti kong tugon.

“Don’t worry, masasanay ka rin dito. Di pa lang dumarating ’yung mga boardmates mo kaya medyo malungkot. Pag nandito na ang mga ’yun sobrang ingay na d’yan sa boarding house n’yo lalo na ’yung mga lalaki, ang kukulit.”

“Lalaki po?” nagulat kong tanong.

“Oo, ’yung third floor puro lalaki ang naka-board d’un.”

“Di po ba all-girls ’to?”

“Hindi, pambabae at panlalaki ’tong boarding house na ’to. Is there a problem?”

“Akala ko po kasi all-girls ’to.”

“Halo,” pag-uulit ng landlady ko. “Lahat nag-aaral din sa *U.P Diliman*. Bakit, may problema ka ba with boys? Hindi ka komportable?”

“Hindi naman po sa gan’un...”

“Mababait sila, tatlo d’un freshman din tulad mo. ’Yung isa sophomore at ’yung isa graduating.”

“Ahh...” sabi ko na lang.

Nag-alala tuloy ako kung alam ba ni Kuya na hindi exclusive para sa mga babae ang boarding house na pinag-iwanan niya sa akin. Malamang hindi kasi knowing Kuya, OA ’yun mag-react. Feeling niya matabihan lang ako ng lalaki ay mabubuntis na ako.

“Halika na sa taas, meron tayong house rules at kailangan familiar ka sa mga ’to,” yaya ng landlady ko.

Kinabukasan, nagsising ako sa ingay. Paano, nagsidatingan

na ang iba. Gusto ko sanang lumabas para magpakilala kaya lang natalo ako ng hiya kaya pinakinggan ko lang sila habang nag-uusap sila sa labas ng kwarto ko. Bawat floor may dalawang banyo at n'ung narinig kong bumaba silang lahat para kumain dali-dali akong lumabas para maligo. Nagtatatakbo ako papasok sa kwarto ko para magbihis nang biglang may tumunog na ikinagulat ko.

"Athena, si Tita Tess 'to. Bumaba ka na for breakfast." Hindi ako umimik at patuloy na nagbihis. "Athena, sumagot ka kung gising ka na." Lumabas ako ng kwarto at hinanap ang speaker. *Naririnig ba ako dito?* "Athena..."

"Po?" tanong ko.

"Halika na sa baba para makakain ka."

"Sige po," sagot ko.

Pagbaba ko ng first floor dumeretso ako sa dining. May mahabang mesa kung saan nakapuwesto ang landlady namin, tatlong babae at apat na lalaki.

"Athena, mga boardmates mo," pakilala ng landlady ko. "Si Andrea, sophomore 'yan, Civil Engineering; Kathy, sophomore din, Mass Comm; at si Frances, third year ng *College of Education*."

"Hi!" bati nilang tatlo.

"Si Athena, freshman, BS Math."

"Wow, Math?" tanong ni Kathy. "Talented ka pala, bobo ako sa Math," sabi niya sabay ngiti.

Ngumiti lang din ako.

"Ito naman si Roel, graduating 'yan BAA; si Jason, sophomore Political Science; sina Eric at Isagani parehong freshmen taga-Engineering."

"Hello," sabi nila.

Tumango at ngumiti ako.

"Si Margareth at si Ryan, Tita Tess, kelan daw dadating?" tanong ni Roel.



“Si Ryan ngayon daw, nag-long distance sa akin kahapon. Si Marga, di ko pa nakakausap,” sagot ng landlady namin. “Athena, Tita Tess na lang itawag mo sa akin, ’yun ang tawag nilang lahat sa akin.”

“Okay po,” sagot ko.

“Huwag ka nang mahiya, kain na. Sabi pa man din ng kuya mo ’wag ka daw magpapalipas ng gutom,” nakangiti niyang sabi. “Clara, ipagtimpla mo pala ng gatas ’tong si Athena.”

“Ay, ako na po,” sagot ko sabay tayo. “Ako na po ang magtitimpla.”

Tumungo ako sa pantry kung saan may sampung maliliit na kabinet na may room number namin. Binuksan ko ’yung sa akin at kinuha ang karton ng powdered milk. Bawal kaming magdala ng pagkain sa taas, baka raw dagain sabi ni Tita Tess kaya lahat ng pagkain ay sa first floor inilalagay.

“Ryan!” biglang sigawan nilang lahat.

“Na-miss n’yo ako?” May narinig akong nagsalita.

“Oo, Pangit!” sagot ng excited na boses ng babae.

“Umupo ka na d’yan, Ryan, nang makakain ka na. Rose, ikuha mo nga ng plato si Ryan.” Narinig ko ang boses ni Tita Tess.

Ibinalik ko sa loob ng karton ang nabuksang nang foil pack ng gatas. Binitbit ko ang karton palabas, ilalagay ko sana sa ref at baka langgamin. N’ung bumukas ang pinto ng pantry nagtinginan silang lahat sa akin.

“Ilalagay ko lang ’to sa ref,” sabi kong nakangiti.

“Raya?” May narinig akong nagsabi at tumingin ako sa bandang kaliwa ng mesa. “Fishball girl,” sabi niya.

Muntik ko nang mabitiwan ang basong dala ko.

“Uy...” nasabi ko lang. “Dito ka rin?” tanong ko na sobrang walang kwenta kasi obviously d’un siya nakatira.

Ngumiti siya kaya ngumiti na rin ako bago ko binuksan ang ref para ilagay ’yung karton ko ng powdered milk.



“Kumusta?” tanong niya pagkaupo ko.

“Okay lang.”

“Magkakilala kayo?” tanong ni Jason.

“Oo, kulit nga kung paano kami nagkakilala, eh,” sagot ni Ryan na nakangiti.

“Paano?” interesadong tanong ni Frances.

“Kay Athena Raya Aragon, BS Math n’yo na lang itanong,” natatawang sagot ni Ryan.

Tumingin silang lahat sa akin habang nilalagyan ng mainit na tubig ni Ate Rose and baso ko.

“Ano ’yun?” tanong ko.

“Magkwento ka!” hirit ni Kathy.

“Oo nga, Athena, magkwento ka,” nakangiting sabi ni Andrea. “Ikwento mo kung paano kayo nagkakilala ng boyfriend ko.”

3

Ang pag-ibig ko sa 'yo ay
parang kinalburong mangga...
sapilitan. 🍷

“Boyfriend?” tanong ni Frances. “Sinagot mo na 'to, Rai?” tumatawang turo niya kay Andrea.

“Aba, naging successful rin pala ang panunuyo mo, Andi!” tukso ni Kathy.

“Hindi nga, seryosong usapan, kayo na?” tanong ni Kuya Roel. “Kelan pa?”

“Hindi pa kami pero malapit na. Di ba, Rai?” ngumingiting sabi ni Andrea.

Lakas ng fighting spirit mo, girl, tahimik kong sabi sa sarili ko. I have nothing against girls who are brave enough to court guys. Kung 'yun ang nakapagpasaya sa kanila, bakit hindi? Pero parang nakakailang palang marinig na 'yung babae ang humahabol. O baka weird lang ako.

“Baka malapit ka nang mag-menopause bago ka niya sagutin,” Jason joked.

“Tumpak!” sabi ni Isagani.

Pinipigilan ko ang ngiti ko but I couldn't help it and when I looked up, Andrea was glowering at me.

“Pagpasensyahan mo na ang mga 'yan, Athena, at ganyan lang ang mga 'yan magbiruan,” ngumingiting sabi ni Tita Tess.

I just nodded and resumed eating.

“Tita Tess, hindi biro 'tong nararamdaman ko kay Ryan, true

love 'to. Unang sulyap ko pa lang sa kanya sa *Rodic's* habang kumakain alam ko na that he's the one," tugon ni Andrea.

For some reason, I blushed at her confession. Para sa akin kasi, 'yung feelings ay private na bagay at hindi basta-bastang inilalahad in public. Lalo na kung one-sided.

"Ano ba ang nagustuhan mo dito kay Ryan, Andrea?" Eric asked.

"Well, aside sa gwapo siya at matalino, masarap din siyang kausap, masarap kasamang kumain ng isaw, masarap kakwentuhan ng mga walang kakwenta-kwentang bagay—"

"In short, masarap ka, Ryan 'yun na 'yun," sabi ni Frances, and everyone laughed.

Well except me and Ryan. Ako, kasi nahihiya akong makitawa, baka sabihin ni Andrea feeling close ako sa kanila.

"Nagpahayag na si Andrea ng damdamin niya, Rai. Ano'ng masasabi mo?" tanong ni Kathy.

"Taken na ang puso ko," sagot ni Ryan.

Nakangiti siya kaya hindi ko alam kung seryoso siya o nagbibiro.

"Aruy, basted," Eric said, and they burst out laughing again.

"Paano ba 'yan, Andi, taken na daw 'yung puso niya, kaya ikaw taken for granted ka na lang," sabi ni Isagani.

"Mapapasakamay ko rin 'to si Ryan, dadaanin ko na 'to sa santong-paspasan, eh," Andrea muttered.

"Naku, Rai, magdasal ka na."

"Loko ka, Andrea, mamaya maniwala ang mga 'to," Ryan retorted.

"Rai, totoo kaya lahat ng sinasabi ko at kahit saan man tayo humantong mapapasaakin ka rin."

Bilib din ako sa babaeng 'to, isip-isip ko. Kahit siguro patay na patay ako sa isang tao hinding-hindi ako maghahabol.

"Go, Andi!" sigaw ni Frances.

"Ipaglaban ang pag-ibig!" hirit ni Isagani.

“Sa ngalan ng buwan!” sigaw ni Eric.

“Darna!” Kathy shouted.

“Mali, dapat ‘Ding, ang bato’ muna,” sabi ni Frances.

“Okay fine, ulit,” sabi ni Kathy.

“Ipaglaban ang pag-ibig!”

“Sa ngalan ng buwan!”

“Ding, ang bato!” sigaw ni Kathy.

“Ate, walang bato. Okay na ba ang hollow block?” sabi ni Frances.

Nagtawanan silang apat. *Ang kukulit.*

“Pero ito ang sasabihin ko bilang Kuya ninyo dito sa boarding house, magtapos muna kayo sa pag-aaral bago kayo manligaw,” seryosong sabi ni Kuya Roel.

“Si Kuya Roel, ang lakas magsabing magtapos muna paano graduating na siya,” sabi ni Jason.

“Oo nga,” sagot ni Kathy habang tumatango-tango. “Ang unfair.”

“Hay naku, ako na ang magsasabi sa inyo, ’wag kayong maniwala d’yan kay Roel,” hirit ni Tita Tess.

“Bakit po, Tita?” usisa ni Frances. Lahat kami napatingin kay Tita Tess.

“Makinig tayo, mukhang may pinaghuhugutan si Tita,” biro ni Isagani at tumawa kaming lahat.

“When I was your age, ang dami kong manliligaw. Kita n’yo naman siguro kahit may edad na ako hindi pa rin kumupas ang ganda ko.”

“Oo nga po, Tita, kamukha n’yo po si Gloria Romero.”

“Ikaw talaga, Frances, you have keen eyes,” Tita Tess said and we all laughed again. “As I was saying, ang dami kong manliligaw pero I listened to my mother when she told me to prioritize my studies. Ako ’yung panganay, ang ama ko ay propesor ng UP at ang ina ko ay nasa bahay lang para alagaan kaming anim na magkakapatid. I was eager to help my family

kaya pinagbuti ko ang pag-aaral ko.”

“Wala man lang kahit isa kayong nagustuhan sa mga nanligaw sa inyo, Tita Tess?”

“Meron, Kathy, pero ayoko pa ngang magnobyong noon at di siya nakapaghintay.”

“Aw, saklap,” Kathy said. “Nag-asawa po siya?”

“Yes, he married my younger sister because he got her pregnant. Okay na kami ngayon, nasa America na ang pamilya nila at masaya sila.”

“Aray ko,” sabi ni Isagani. “Parang sumama loob ko bigla.”

“That was a long time ago; I no longer have ill-feelings towards them. Besides, I love my nephews and nieces. Ang sinasabi ko lang ngayon, hindi masama ang magmahal kahit anong edad. Ang masama, kung pinakawalan mo ang taong mahal mo at magsisisi ka sa bandang huli. Regrets are difficult to bear.”

“We’ll keep that in mind, Tita Tess,” Frances said.

“O siya, napasarap na ang usapan natin, ’yung mga pinggan n’yo iwan n’yo sa sink at sina Rose na ang bahala d’yan, magpapakain muna kami ng mga aso ko sa kabilang bahay.”

“Sige po, Tita,” sabay-sabay naming sabi.

Naging tahimik ang mesa pagkaalis nila Tita Tess at tumayo ako para dalhin ang pinggan ko sa lababo.

“Tapos ka nang kumain?” Ryan asked, and I just nodded.

“Umupo ka muna d’yan, Athena. Ito naman aalis agad wala pa nga tayong bonding.”

“Oo nga naman, Athena. Tama si Frances, umupo ka muna d’yan at makipagkwentuhan sa amin.”

“Ano ba ang gusto nyong malaman?” I asked, sitting down again.

“Well, unang-una ay paano kayo nagkakilala ni Ryan?” usisa ni Frances.

“Hindi ba kayo nagbabasa ng *TDF*? Si Athena ay si fishball



girl,” nakangising sabi ni Eric.

“Naku, hindi na ako nagbabasa ng *TDF* at puro confessions ng mga lalaking in love sa kapwa lalaki ang nababasa ko. Lalo tuloy akong nawawalan ng pag-asang magkajowa at feeling ko tatanda akong dalaga kasi nauubos na ang straight sa mundo.”

“Tama ka, Kathy,” Frances retorted. “I feel you, sister.”

“Trulalu. Pero teka, naiiba ang usapan. Ikwento n’yo na kaya kung paanong naging fishball girl itong si Athena,” pangungulit ni Kathy habang ramdam ko ang pamumula ng mukha ko.

“Ganito kasi ’yan—” Eric began to say, but Andrea cut him off.

“Math ang course mo?” she suddenly asked, looking at me. I nodded. “Ano’ng trabaho mo pag graduate mo n’yan, bank teller?” sabi niya.

There was a very awkward pause.

“Andrea, ’wag gan’un, girl,” bulong ni Kathy.

“Di ba karamihan ng BS Math kung hindi bank tellers ay teacher ang bagsak?”

“May mali ba sa pagiging bank teller o sa pagiging teacher?” I asked back. “Pag graduate ng Math, bank teller agad kasi numbers? Para mo na ding sinabing pagkatapos mong maging civil engineer magiging karpintero ka although walang mali sa pagiging karpintero,” I retorted.

Kathy cleared her throat. “Okay, girls, ha, medyo masyado pang maaga para magsabunutan kayo. Tapos na ba kayong mag-enrol?” she asked, trying to lighten the mood.

She patted my hand and I turned to smile at her. Hindi ako maldita pero hindi rin ako shunga. I know when I’m being singled out and I know when I’m being insulted. Nagpatuloy ang kwentuhan sa mesa at gusto ko nang tumayo kasi hindi ko na gusto yung atmosphere. Nagkukwento si Eric tungkol sa *TDF* post ni Ryan at dali-dali kong kinuha ang plato ko para ilagay sa sink.

“Sino namang tanga ang hindi alam na hindi niya fishballs ’yung kinakain niya? Meron bang gan’un na bigla na lang kakainin ’yung fishballs mo? She had that planned. Siguro type niya si Ryan at kunyari ay akala niya ’yung fishballs niya ang kinakain ni Ryan!” narinig kong sabi ni Andrea.

Hindi ako palaaway pero gusto ko siyang suntukin.

“Nauna siyang umupo d’un sa bench, okay? Nakiupo lang ako. Paano niya plinano lahat kung ako naman ang lumapit d’un?” I heard Ryan say.

I walked back towards the dining room and smiled at all of them. “Una na ako sa inyo,” I murmured before I left.

“Sabihin mo, malandi lang talaga siya. Ano siya patay-gutom na makikipag-share ng fishballs sa hindi niya kilala?”

Aba, leche ’tong babaeng ’to, ah!

“I’m not buying her stupid excuse,” Andrea added.

I went back inside the dining room. “Ano’ng sinabi mo?” I asked, clenching my fists.

“Sabi ko malandi ka at patay-gutom.”

“Kung malandi ako, ano’ng tawag sa ’yo? Patay-gutom? You actually use that adjective to describe someone? You’re so lame.”

“Hoy, ano ’yan, tama na ’yan,” Kuya Roel said.

“Huwag mo nang patulan, Athena,” Eric murmured, but I was so angry that I wanted to take her plate off the table and slam it onto her face.

“Eh, di fine, di ka na patay-gutom, malandi ka na lang.”

“Huwag mo akong tatawaging malandi, hindi ako malandi,” I said.

“So, ano ka? Santa-santita?”

“Andrea, ano ba, girl? Tama na. Masyado ka namang hot, eh,” may halong birong sabi ni Frances.

“Stop it, Frances! Sinasabi ko lang ang totoo! Bakit kasi pa-demure pa, kung gusto mo ’yung isang tao, di mo na kailangang



magpaligoy-ligoy pa, sabihin mo na agad!” sabi ni Andrea. “Nakakabwisit lang ’yung mga babaeng kunyari mahinhin pero nasa loob ang kulo.”

“Andi, tama na,” bulong ni Kuya Roel.

“Nagsasabi lang ako ng totoo, okay? Hey, we’re all *UP* students here. Kailangan pa ba nating magplastikan?”

“Andrea, that’s mean,” Ryan said, and for some reason I felt like crying.

Hindi ko pa na-experience ma-bully kasi ’yung Kuya ko sinusugod ang kahit sino mang nang-aaway sa akin. Kakaiba pala ’yung feeling, nakakapanliit.

“I don’t care! Ba’t mo ba siya ipinagtatanggol, ha!”

Andrea asked. “Matagal na ba kayong magkakilala nito at ipinagtatanggol mo siya?!”

“I’m out of here,” Ryan said, rising to his feet.

I barred his way. *Bwisit na ’to, siya ang puno’t dulo kung bakit mainit ang dugo sa akin ng babaeng ’to ’tapos aalis na lang siya basta?!*

“Sorry, ha, Raya,” he murmured.

“Gusto mo ba ako?” I asked.

His face registered surprise. “Ha?”

“Kasi kung gusto mo ako, tayo na. Oo o hindi?” I dared even as I felt my face turn hot with embarrassment. *Bwisit kang babae ka, take that!*

“Are you serious?” he returned.

“Is it a yes or a no?” I shot back.

“Ryan, she’s crazy. Just listen to what she’s saying!” Andrea whined.

“Shut up, bitch,” I said. “Ano, Ryan, gusto mo ba ako o hindi? If ever, you’ll be my first boyfriend.” Then I asked him again, “Do you want to be my first boyfriend?”

“Sure,” he said after a few seconds. Parang nalilito siya sa mga pangyayari at umiiling-iling siya.

Bigla akong natauhan. *Shunga ka ba, Athena, ano ba ’tong*



pinaggagagawa mo?

“I’m sor—” I started to say, babawiin ko sana. Gusto ko rin namang magka-boyfriend, pero di ’yung sapilitan; but he put a hand over my mouth.

“Ryan!” Andrea shrieked as Ryan took my hand and led me outside.

Dere-deretso kaming lumabas sa gate hanggang makarating kami sa isang waiting shed. Bigla akong nakaramdam ng takot. Di ko naman siya kilala. Bakit ba ako sumama?

“Ryan, teka lang about d’un sa sinabi ko kanina.”

“Wala nang bawian,” he seriously announced, then looked at me and smiled. “Alam mo bang isang sem kitang hinintay?”